



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

WAG KANG MAGING ALIPIN NG MUNDO

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Nawa'y di tayo ilagay ng Allah sa maling landas. Lahat ng Propeta ay nagbigay ng babala sa pagiging masama ng mundo. Sinabi nila na mas mahalaga ang kabilang buhay. Ngunit, Subhanallah(nakakagulat), di nakikinig ang mga tao. Akala nila'y pumunta tayo sa mundo upang sambahin ito at mag-ipon ng karanyaan.

Hindi, kahit gaano ka pa kayaman, kahit sayo pa ang mundo, iiwan mo parin ito. Ang kabilang buhay ang mas mahalaga. Dapat ay pumunta ka sa Allah upang maayos ang iyong kabilang buhay. Sa oras na pupunta ka na sa Allah at nagtiwala sa kanya, magiging alipin mo ang mundo. Pero pag hindi, ikaw ang magiging alipin ng mundo.

Nakikita natin ito ngayon, may mga taong nag-aalaga ng aso. Pinagsisilbihan nila ito katulad ng pagpapakain at pag-papaganda dito. Ang katotohanan nun ay silang mga tao ang naging alipin ng Aso. Ganun din ang pagka-alipin nila sa mundo. Kung iyong titignan kapag iniwan mo ang aso, lalapit ito sayo mag-isa. Walang gusto ang normal na aso sa tao pero pag ito'y iyong pinakain o pinaganda gamit ang ilang bagay magiging alipin ka nito. Ginawa ka ng Allah na alipin ng aso. Ganun ang mangyayari kapag nagpa-alipin ka sa mundo.

Hayaan mong ang mundo ang lumapit at magpa-alipin sayo. Kapag andyan ka na sa piling ng Allah, maaayos ang lahat at susunod sayo ang mundo. Nawa'y gawin tayong ganun ng Allah at bigyan ng magandang pag-unawa dito. Nawa'y maunawaan natin ito in sha Allah. Matamang tao ang di makakaunawa sa mundo sa kaniyang nafs at isipan. Walang halaga yun kapag wala tayo sa kagustuhan ng Allah. Nawa'y di tayo ilagay sa maling landas ng Allah In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
1 June 2016/25 Shaban 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah